IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

# Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagkatuto ng Mag-Aaral ng Inhinyerya

**BRYAN WACNAG**
**JESSA VOLFANGO**
**DOMINGA S. TOMAS**
Benguet State University
d.tomas@bsu.edu.ph

*Abstrak* — Ang pag-aaral ay nakatuon sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto ng mag-aaral sa Inhinyerya. Inalam ng mga mananaliksik ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya at ang gamit ng wikang Filipino ayon sa mga mag-aaral. Ginamit dito ang pinaghalong kuwalitatibo at kuwantitatibong paraan at disenyong deskriptibo. Ang mga respondente ng pag-aaral ay nagmula sa una hanggang ikalawang taon ng kursong Inhinyerya sa Pampamahalaang Pamantasan ng Benguet. Gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan bilang instrumento sa paglikom ng mga datos. Sa paraan ng paglikom ng datos naman ay humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Dekano ng Kolehiyo ng Inhinyerya at sa mga respondente ng pag-aaral. Sa pagtrato ng datos, gumamit ang mga mananaliksik ng apat na puntusang eskala, koding at tematisasyon.
Batay sa lumabas na resulta ng pag-aaral, natuklasang tinatanggap ng mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga aralin, pagpapaliwanag ng mga katawagang teknikal, pagsulat ng mga manwal/hand out, at pagpapaliwanag ng paksang mahirap maintindihan. Ayon sa mga mag-aaralm, ang wikang Filipino ay magagamit sa pormal na komunikasyon, pagtalakay ng aralin, pagpapaliwanag ng mga malalalim na salita/pagsasalin at pagsulat ng pormal na dokumento.
Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga datos ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: tinatanggap ng mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino bilang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya; at maaaring gamitin ang wikang Filipino sa pormal na komunikasyon, pagtalakay sa mga aralin, pagpapaliwanag ng mga malalalim na salita/pagsasalin at pagsulat ng pormal na dokumento.
Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon: gamitin ang wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng kursong Inhinyerya; higit na paigtingin ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga aralin, pagpapaliwanag ng katawagang teknikal at ng paksang mahirap maintindihan at sa pagsulat ng manwal o hand out. Subukin ding gamitin ang wikang Filipino sa pagtuturo sa iba pang mga disiplina.

***Mga Susing Salita — Filipino, wikang panturo, inhenyerya***

## I. Introduksiyon

Ang wika ay isang mabisang kasangkapan ng tao upang magkaunawaan. Ito ay biyayang galing sa Diyos na magagamit upang ipaabot ng tao ang kanyang nakikita, naiisip, nararamdaman at nararanasan sa kanyang kapaligirang ginagalawan. Sa makatuwid, ito ay isang daan sa pakikipagsapalaran at pagsulong ng bansa sa iba't ibang aspekto ng buhay (Cavinta, 2021). Ayon

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kina Evagorou at Osborne (2010), ang wika ay sentro ng pang-araw-araw na buhay dahil ito ay isang kasangkapan para sa pag-unawa sa mundo sa ating paligid, pakikipag-usap sa ating mga kapantay, pagpapahayag ng ating mga ideya at pagpapaunlad ng ating kaalaman.

Ayon kay Lumbera (2015), ang wika ay parang hininga, sa bawat sandali ng buhay ay nariyan ito. Palatandaan ito na buhay ang mga taong gumagamit nito at may kakayahan itong umugnay sa kapwa na gumagamit din nito. Ibig sabihin, ang wika ay kasangkapan ng isang bansa upang mapagbuklod ang isang nasyon. Ang isang bansang may wika ay maituturing na buhay sa mundong kinalalagyan nito. Ayon kay Gannaban (2020), hindi lamang sa pansosyal na pangangailangan ginagamit ang wikang Filipino, bagkus para rin ito sa akademiko at iskolarling pagpapahayag.

Ang wikang Filipino ay wika ng ideyang bahagi tayo ng iisang bansa kaya maituturing itong isang proyekto ng pambansang identidad. Sa proseso ng pagbuo ng kamalayang Pilipino at maka-Pilipino, may kakayahan nga ang wika na mapag-isa ang bansa. Ayon kay Timbreza, sa pagbanggit nina Villejo at Liwanag (2019), ang wikang Filipino ay mistulang bangkang aalalay mula sa kinalimutang balon patungo sa mas malaking karagatan kung saan naroon ang mga kapwa-Pilipinong may kani-kaniyang wika at kultura (Batan, 2015). Ayon kay Salazar (1996), ang Filipino ay may likas na talino sa wika. Madali siyang matuto ng kahit anong wika kung kinakailangan. Hindi naman kailangan na mawala ang Ingles sa atin. Gusto lang natin padaliin ang proseso ng pag-intindi sa larangan ng Inhinyerya sa pamamagitan ng wikang Filipino. Dagdag pa niya, kung ang aralin ay maipapaliwanag at maiintindihan nang maigi sa Filipino, bakit hindi natin gawin. Mula sa kanyang artikulo, malaki ang bahagdan ng mga estudyante na pumapabor sa paggamit ng Filipino sa Inhinyerya.

Ayon kay Tolentino (2015), ang mga kalakarang nagpapausad sa bansa sa ekonomiko at politikal na larangan ay nakasaad sa Ingles. Ang batas, negosyo, medisina, siyensya at engineering ay isinasagawa sa wika maliban ang pambansa at multilingwal na mga wika. Patunay ito na madalas na naisasantabi at hindi binibigyan ng kahalagahan ang wikang Filipino at kadalasan hindi kinikilala ang importansiya nito sa lipunan, pamahalaan at edukasyon. Sapagkat kung totoong may pagpapahalaga sa wika ay bakit wikang Ingles ang nangingibabaw sa iba't ibang larangan?

Ang matukoy ang papel ng wika ay napakalaking bagay upang mamulat tayo sa katotohanang malaki ang papel nito sa pagpapataas ng antas ng literasi rate, pagpapataas sa kalidad ng edukasyon at higit sa lahat, sa paggawa ng mahusay at kalidad na produkto. Kailangang magising at mamulat tayo sa matagal na pagkabulag at pagkaalipin sa maling konsepto, pananaw at pagtingin sa modernisasyon at globalisasyon, na kailanman ay hindi nakasalalay sa banyagang wika ang pagtuntong ng bansa sa estadong ito. Tanging ang sariling diwa o kaluluwa ng bansa ang may kakayahang magpakilos sa kanyang katawan upang kamitin ito at walang sinuman ang makapagbubura sa katotohanang tungkulin ito ng wikang pambansa.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

Batay sa pag-aaral nina Broadway at Zamora (2018), napatunayang may espasiyo ang paggamit ng wikang Filipino bilang wikang pantulong sa pag-unawa ng mga konsepto o pasalitang suliranin sa Matematika. Napapadali at napapasimple rin ang pagtalakay, pag-aaral at pag-unawa ng mahahalagang konsepto sa Matematika sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral kung gumagamit ng Filipino. Ayon kay Demetrio (2009), kapag wikang Filipino na ang ginagamit natin, hindi lamang tatatag ang pang-agham na kaalaman at kahusayan ng mga mag-aaral, dadaloy din ito at magpapalakas sa ating kulturang popular. Matapang na nagpahayag si Timbreza (sa pagbanggit nina Broadway & Zamora, 2018) na walang nakikitang problema sa paggamit ng wikang Filipino sa mga disiplina tulad ng siyensiya, teknolohiya at humanidades sapagkat ang wikang ito ay mapang-ampon. Ang kaampunang tinutukoy niya ay ang kakayahan ng wikang Filipino sa pagtanggap ng mga terminolohiya mula sa banyaga, sa pagiging bukas nito lagi sa pagbabago, at sa patuloy na intelektuwalisasyon. Kung pagsusumikapan ng mga gurong ituro ang ibang disiplina sa wikang Filipino, tulad halimbawa ng Pilosopiya, hindi mamamalayan ng gurong unti-unti na rin siyang namimilosopiya, nag-iisip at nakapagpapahayag sa Filipino.

Ang tagumpay ng bawat anime ay bunga ng pagdadab sa wikang higit na naiintindihan ng marami, ang wikang wala sa kapangyarihan ngunit nagiging mabisang midyum sa pagpapataas ng rating ng isang estasyon sa telebisyon. Binubuwag ng wikang Filipino, na wika ng masa, ang kapangyarihan ng wikang Ingles sa pamamagitan ng dubbing. Dagdag pa niya, ang kasalukuyang paghahari ng wikang Filipino bilang midyum ng halos lahat ng nangungunang panoorin sa daigdig ng telebisyon ay patunay na lamang na sadyang makapangyarihan ang wikang ito sapagkat nagsisilbi rin itong buhay at hanapbuhay ng mga taga-telebisyon. Sa larangan ng telebisyon bilang tiyak, o sa larangan ng media sa kabuuan, kasama na ang radyo, diyaryo, at pelikula hanggang sa new media o cybernetics, ang wikang Filipino ay matibay na moog ng pagka-Pilipino (Correa, 2013).

Ayon kay Petras (2013), umaangkla ang lapit ng pagsasakatutubo mula sa loob/ kultural na pagpapatibay sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino na naisasakatuparan mula sa identipikasyon ng mga konsepto hanggang sa aplikasyon o pag-aangat nito sa diskursong pansikolohiya sa Pilipinas. Sa konteksto ng pag-aaral, hindi nakakapagtakang madukal ang yaman ng salitang pandamdamin sa wikang Filipino. Saad pa niya, makakapag-ambag sa tiyak na pag-unawa sa mga elemento ang pagsangguni sa tagapagsalita ng wikang Filipino hinggil sa pagpapakahulugan at paggamit sa mga salita.

Ayon kay Uminga (2000), ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo at komunikasyon sa pagtuturo ng mga asignaturang agham panlipunan ay ginamit ngunit hindi malawakan. Ang mga guro ay nagpakita ng mataas na saklaw ng mga kasanayan sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo at komunikasyon kaysa sa mga mag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy at masuri ang gamit ng wikang Filipino sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng Inhinyerya. Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod;

1. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya?
2. Ano gamit ng wikang Filipino sa larang ng pagtuturo ayon sa mga mag-aaral ng Inhinyerya?

## II. Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pinagsamang kuwalitatibo at kuwantitatibong pamamaraan ng paglikom at pagsusuri ng datos. Gamit ang deskriptibong uri ng desinyo sa pananaliksik, siniyasat ng mga mananaliksik ang gamit ng wikang Filipino bilang panturo sa partikular na larangan at kung saan ito gagamitin sa larang ng pagtuturo ayon sa mga respondente.

### Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral

Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng Inhinyerya sa Benguet State University- La Trinidad Campus. Pinili ng mga mananaliksik ang larangan ng Inhinyerya bilang respondente at tagatugon ng pag-aaral dahil nais suriin ng mga mananaliksik ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino bilang panturo sa kursong Inhinyerya at kung ano ang gamit ng wikang Filipino ayon sa mga mag-aaral ng Inhinyerya.

### Instrumento sa Paglikom ng Datos

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit  ng talatanungan upang malaman ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang wikang panturo at gabay sa pakikipanayam upang malaman ang gamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ayon sa mga mag-aaral.

### Paraan ng Paglikom ng Datos

Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Kolehiyo ng Inhinyerya, at sa mga respondente ng upang isagawa ang pag-aaral. Pagkatapos, ipinadala sa mga respondente at kalahok ang gabay na talatanungan sa pamamagitan ng Facebook at Messenger. Ang talatanungan ay dumaan sa balidasyon ng guro ng mga mananaliksik.

### Pagtrato sa mga Datos

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Para matukoy ang antas ng pagtanggap sa wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya, ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente ay isinailalim sa masusing pagsusuri gamit ang Likert Scale na ginamitan ng apat na puntusan.

(1) Hindi Tinatanggap- hindi kinikilala ang wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya;

(2) Medyo Tinatanggap- may kaunting pagkilala sa wikang Filipino bilang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya;

(3) Tinatanggap- kinikilala ang wikang Filipino bilang wikang panturo ng mga asignatura ng Inhinyerya;

(4) Lubos ang Pagtanggap- lubos na kinikilala ang wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya.

Para matukoy ang gamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo ayon sa mga mag-aaral ng Inhinyerya, ang mga nakalap na datos ay sinuri ang mga magkakaparehong impormasyon at ideya na isinala naman sa hakbang ng koding at tematisasyon.

## III. Pagtalakay sa mga Resulta ng Pag-aaral

### Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino bilang Wikang Panturo

Ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo ay tumutukoy sa sukat ng pagtanggap o pagkilala ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika partikular ang Filipino bilang daluyan at midyum ng pagtuturo sa mga ng asignatura ng kursong Inhinyerya. Sa Talahanayan 1 ay makikita ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang wikang panturo.  May apat na ginamit na batayan: pagpapaliwanag ng aralin, pagpapaliwanag ng mga katawagang teknikal lamang, pagsulat ng mga manwal/handout at pagpapaliwanag ng mga paksang mahirap maintindihan.

Talahanayan 1. Antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

| PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|
| Pagpapaliwanag ng mga aralin | 2.97 | Tinatanggap |
| Pagpapaliwanag ng mga katawagang teknikal lamang | 2.55 | Tinatanggap |
| Pagsulat ng mga manwal/ handout | 2.50 | Tinatanggap |
| Pagpapaliwanag ng mga paksang mahirap maintindihan | 3.11 | Tinatanggap |
| Kabuuan: | 2.78 | Tinatanggap |

Pananda:

| Istatistikal Limit | Deskriptibong Interpretasyon |
|---|---|
| 3.25-4.00 | Lubos ang Pagtanggap |
| 2.50-3.24 | Tinatanggap |
| 1.75-2.49 | Medyo Tinatanggap |
| 1-1.74 | Hindi Tinatanggap |

**Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagpapaliwanag ng mga Paksang Mahirap Maintindihan**

Batay sa isinagawang pagsusuri, nangunguna ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga paksang mahirap maintindihan na may kabuuang mean na 3.11. Tinatanggap nila ang paggamit ng wikang Filipino sa mga paksang mahirap maintindihan sapagkat mas komportable at higit na nauunawaan nila ang kanilang paksa kung ito ay isinasa-Filipino. Nakikitaan nila ito ng potensyal na mapadali ang pag-unawa sa mahihirap na paksa. Tinatanggap nila ang paggamit ng wikang Filipino sapagkat may tiwala silang kaya nitong ihatid ang diwa ng paksa. Natitiyak nilang ang paggamit ng sariling wika sa pagpapaliwanag ay nakatutulong sa simplisidad ng aralin.

Ayon kay Erestein (1994) sa pagbanggit ni Javier Jr. (1996), madaling nauunawaan ang mga mahihirap na konsepto kapag ang mga ito ay ipinapaliwanag sa Filipino. Maiuugnay ito sa pahayag ni Tullao (2009), na lalong makatutulong ang paggamit ng ating wika sa pag-unawa ng mga konsepto at teorya na naglalarawan sa ating pang-araw-araw na karanasang pangkabuhayan. Patunay ito na kung ang wikang Filipino ay nakatutulong sa pag-unawa ng mga konsepto at teorya sa kabuhayan ay ganon din sa edukasyon partikular sa Inhinyerya, ang paksang mahirap maintindihan ay hindi kaduda-dudang kaya itong pasimplihin ng wikang madaling maintindihan.

Batay sa pag-aaral ni Dominguez (2020), sa pamamagitan ng pagpapaliwanag gamit ang wikang Filipino ay nagiging payak ang komplikadong salita at mas madali itong unawain. Ang wikang komplikado ay nakakapagpabagal sa pag-unawa sa aralin, lalo pa kung hindi pamilyar ang mga salita o pahayag sa mga mag-aaral. Kung isasalin ito sa wikang Filipino ay mas nakatutulong sa mas tiyak na pag-unawa sa paksa. Ang pagsasa-Filipino sa paksang mahirap maintindihan ay tiyak na makatutulong ito sa pag-unawa ng paksa sapagkat pamilyar sa mga mag-aaral ang mga salitang Filipino, mas mapapabilis nito ang pagtamo at pagkatuto ng mga mag-aaral ng Inhinyerya.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagpapaliwanag ng mga Aralin**

Ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga aralin na may kabuuang mean na 2.97, ang pumapangalawa. Ito ay nangangahulugang tinatanggap ng mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga aralin sapagkat napakalaki ang papel ng wikang Filipino sa pagtamo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang anyo at gamit ng wika ay isa sa sentro ng pagtuturo, upang matiyak ng guro na ang kanyang mga mag-aaral ay nakakabuo at nakagagamit ng estratehiya sa pag-unawa, pagbuo at pagtugon sa iba't ibang sitwasyon partikular sa gawaing pang-akademiko. Mas madaling maunawaan ang isang paliwanag kung ito ay ginagamitan ng wikang higit na naiintindihan at nauunawaan ng nakararami. Pinapadali nito ang pagkatuto ng mag-aaral sapagkat madali nilang nakukuha at natatamo ang bawat aral na nakapaloob sa bawat paksa o aralin dahil naiintindihan nila ang ibig sabihin ng mga salita sapagkat ito ay pamilyar at hindi bago sa pandinig.

Ayon kay Launio (2015), dapat ipaliwanag ng mga guro ang mga aralin sa wika ng mag-aaral, lalo na kapag napansin ng guro na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa sa paksa. Ang paggamit sa Filipino ay maaaring makatulong upang mas lalong maipaunawa ng guro ang paksa dahil sa kakanyahan ng wika na madaling maintindihan. Batay sa pag-aaral nina Domingo at Acelejado (1994), pinatunayan sa kanilang eksperimento ang kaparehong obserbasyon, ang mabilis at epektibong pakikipagkomunikasyon sa loob ng klasrum kung Filipino ang ginagamit sa talakayan at walang naaksayang oras dahil masigla at magaan ang diskusyon. Ang pagpapaliwanag ng aralin ay hindi lamang nakatuon sa guro sapagkat bahagi pa rin dito ang salitang pagtatanong ng mag-aaral at guro upang matiyak na natatamo ng mag-aaral ang kaisipan ng aralin.

**Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagpapaliwanag ng Katawagang Teknikal**

Lumabas din na tinatanggap ng mga mag-aaral ng Inhinyerya ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng katawagang teknikal na may kabuuang mean na 2.55. Ang paggamit ng Wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mga katawagang teknikal lamang ay tinutumbok nito ang paggamit ng lingua franca upang ipaliwanag ang mga katawagang ginagamit lamang sa isang partikular o tiyak na larangan. Bahagi pa rin ng pagkakaroon ng pangmatagalang memorya at pamilyarisasyon ng mga termino na ginagamit sa tiyak na larangan ang wikang ginamit sa pagsulat nito.

Ang pagpapaliwanag sa mga katawagang teknikal ay kinakailangan ang tulong ng iba pang wika lalo na ang karaniwang wika upang higit na maintindihan ng mag-aaral kung anong ibig ipahiwatig nito at lalo na ang tiyak na sitwasyon na pinanggagamitan sa mga salitang ito. Ito ay isang magandang hudyat na binibigyan ng mga mag-aaral ng espasiyo ang wikang Filipino na magamit sa katawagang teknikal. Tinatanggap ang kabuuang resulta marahil bukas sila sa pagtanggap ng bagong pamamaraan lalo na ang wikang pantulong sa pagpapaliwanag ng mga katawagang teknikal, binibigyan nila ng pagkakataon ang wika na manahan sa isang disiplina at maging bahagi ng kanilang pag-aaral sa kanilang napiling bokasyon. Bukod pa rito ay marahil

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

naniniwala sila na may kakayahan ang wikang Filipino na mapadali ang pag-unawa sa mga katawagang teknikal kung ito ay ipinaliwanag sa pamilyar na wika.

Ayon kina Zimmermann at Jucks (2018), upang makapagbigay ng impormasyong pangkalusugan sa online na itinuturing na kapani-paniwala, dapat isaalang-alang ng mga eksperto ang paggamit ng wikang katulad ng wikang ginagamit ng tinutugunang madla. Mahalagang bigyang pansin ang wika lalo na sa pagbibigay ng impormasyon upang matiyak na ito ay matatamo ng sinumang tatanggap. Ganon din sa pagpapaliwanag sa mga katawagang teknikal, kailangang isaisip ang wikang higit na magpapadali at magpapalinaw sa konsepto o kahulugan ng salitang teknikal.

Sa pag-aaral ni Dominguez (2020), lumabas na ginagamit ng mga guro ang wikang Filipino sa pagbibigay-linaw sa mga konseptong pinag-aaralan. Saad niya, maraming mga pahayag o pangungusap sa mga paksa sa agrikultura, bilang teknikal na larang, na kinakailangang ipaliwanag o bigyang linaw sa wikang abot ng mga mag-aaral. Ang mga salita o pahayag na hinalaw mula sa mga aklat ay nilalapatan ng paliwanag upang lubos na maunawaan ng mag-aaral at mapahalagahan ang pinag-aaralan.

**Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagsulat ng Manwal/Hand out**

Tinatanggap din ng mga mag-aaaral ng Inhinyerya ang paggamit sa wikang Filipino sa pagsulat ng mga manwal na may kabuuang mean na 2.50. Nangangahulugan itong may ispasiyo ng pagtanggap sa wikang Filipino na magamit sa pagsulat ng mga manwal o handout. Ang paggamit ng wikang Filipino sa pagsulat ng mga manwal/ hand out ay tumutukoy sa paggamit ng wikang Filipino sa pagbuo, pagsulat at pagsasatitik sa mga babasahin lalo na sa mga materyales at kagamitang pang-edukasyon. Upang maging ganap at epektibo ang pagkatuto ay mahalaga ang paggamit ng wikang higit na nauunawaan ng mga kasapi sa isang institusyon gaya ng paaralan.

Ayon kay Guillermo (2016), dapat pagsikapang hubugin ng bawat iskolar sa Araling Pilipino ang kakayahang magsulat ng mga pananaliksik, libro, at artikulo sa wikang Filipino. Kailangan ding magsanay sa paggamit ng wikang Filipino sa mga akademikong forum at talakayang nilalahukan sa Pilipinas. Saad pa niya, sa bahagi ng mga guro, dapat tiyaking may bahagi ng mga babasahin sa kanilang mga klase na nasa wikang Filipino. Ang pagsulat ng manwal gamit ang wika ay makatatulong sa kapwa mag-aaral at guro sapagkat maaaring aralin ng mag-aaral ang aralin nang hindi nangangailangan ng tulong sapagkat nagiging payak ang salitang ginamit kaya madaling unawain ang konsepto ng paksa. Nagkakaroon ng inisyatibong bumasa ang mag-aaral kung alam niyang madali niyang maiintindihan ang nakasulat sa babasahin.

**Gamit ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ayon sa mga Mag-aaral ng Inhinyerya**

Bukod sa ang Wikang Filipino ay tumutukoy sa wika bilang opisyal na wika ng Pilipinas, bilang unang wika, tagapagbuklod at sumasalamin sa kultura, sining at pagkabansa ng isang bayan o ang diwa ng isang bayan. Ang wikang Filipino ay gumaganap ng malaking papel sa bawat

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

aspekto ng pamayanan at lipunang Pilipino sa larangan ng ekonomiya, politika at edukasyon. Ginagamit ito sa pakikipagtalastasan, diskurso, at komunikasyon sa pang-araw-araw na buhay. Gumaganap din ito ng napakahalagang papel partikular sa larangan ng edukasyon sapagkat ito ay nagsisilbing daluyan ng pagtuturo o midyum ng pagtuturo. Ito ang nagsisilbing tanglaw at daan tungo sa masusing pagtamo at pagkatuto ng karunungan. Gamit ang wikang Filipino napapaunlad, napapalalim, napapalawak, at napapayabong ang ating kakayang mag-isip at bumuo ng mga bagay na lubos na kapakipakinabang sa ating lipunan. Ayon kay Gorgonio (2012), sa larangan ng edukasyon, ang wika ay isa sa mga mahalagang salik na kailangang bigyang pansin sapagkat ito ang susi ng pagkatuto at tagumpay ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Makikita sa ibaba ang mga sumusunod na pahayag kung saan gagamitin ang wikang Filipino.

**Para sa Pormal na Komunikasyon**

Ang unang tinukoy kung saan gagamitin ang wikang Filipino ay sa pormal na komunikasyon. Ang pormal na komunikasyon ay isang sistema at proseso ng diskurso sa loob ng paaralan sa pagitan ng mag-aaral at guro o sa pagitan ng mag-aaral sa kapwa mag-aaral. Ito ay isang uri ng komunikasyon na masasabing mataas na antas sapagkat ang paraan ng diskurso at nilalaman ng usapan ay kinapapalooban ng konsepto at teorya na may kaugnayan sa akademiko. Ayon kina Gomez at Dailey (2017), ang pormal na komunikasyon ay itinuturing na makatwiran batay sa patakaran at gawain na nagtataguyod ng kahusayan at nakababawas ng personal na pagkiling. Ito ay may kaugnayan sa tungkulin dahil ang komunikasyon ay nakadirekta sa tungkulin ng organisasyon kaysa sa taong sumasakop sa tungkulin ng organisasyon. Ayon kina Liwanag at Labor (2016), ang midyum ng komunikasyon ay isang mahalagang salik na dapat isaalang-alang sa pagpapahusay ng partisipasyon at atityud ng mga mag-aaral sa klasrum.

**Pagtalakay sa mga Aralin**

Batay sa mga pahayag, gamitin ang wikang Filipino sa pagtalakay sa mga aralin. Ang wikang Filipino ay ginagamit bilang midyum panturo o bilang wikang pantulong sa pagtalakay sa mga aralin. Higit na magiging epektibo ang pagtuturo kung gagamitan ito ng isang wikang may kakayahang padaliin ang aralin. Ang pagtalakay sa mga aralin ay nangangahulugang pagbibigay ng detalyadong paliwanag hinggil sa aralin o paksa. Ito ay isang gawaing pangkomunikasyon at diskurso sa pagitan ng guro at mag-aaral kung saan may palitan ng impormasyon o kaisipan upang higit na maunawaan at maintindihan ang isang aralin o paksa

Ayon kina Eric at Mohr (2007), ang oportunidad na magamit ang wika sa mas mataas na antas ng pag-iisip (cognitive functions) ay mahalagang salik na nakaiimpluwensya sa mabisang interaksyon ng mga kalahok sa loob ng klasrum.

**Pagpapaliwanag ng mga malalalim na salita / Pagsasalin**

Isa pang natukoy kung saan gagamitin ang wikang Filipino ay sa pagpapaliwanag ng mga malalalim na salita/pagsasalin kung saan isinasalin ang mga ito sa wikang Filipino. Ang pagsasalin

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ay isang proseso ng paglilipat ng mensahe, kaisipan o diwa ng isang akda mula sa isang wika (simulaang wika) patungo sa isa pang wika (tunguhang wika). Isinasagawa ang pagsasalin sa layuning ipaabot ang kaisipang nilalaman ng isang paksa sa mga hindi lubos na nakakaunawa sa orihinal na wikang ginamit.

Mula sa pag-aaral ni Madrid (2019), binanggit na sa pamamagitan ng mga pamamaraang ginagamit sa pagsasalin, maiintindihan ng mga target na gagamit ang saling teksto. Magsisilbi itong pantulong sa mga estudyante para sa mabilis ang pagkaunawa at pagkatuto sa mga araling pinag-aaralan at mga gawaing sinasanay. Ang pagtanggap at paggamit ng kagamitang panturo tulad nito ay lumilinang sa intelektwalisasyon ng ating wika.

**Pagsulat ng mga Dokumento**

Inilahad din sa pag-aaral na gamitin ang wikang Filipino sa pagsulat ng mga dokumento. Ang pagsulat ng mga dokumento ay tumutukoy sa pagsasatitik ng mga datos at impormasyon, maaaring sa paraang manwal na pagsulat o gamit ang kagamitang elektroniko at teknolohiya upang makabuo ng sulatin na maaaring mabasa at magamit bilang batis, sanggunian at gabay sa isang partikular na gawain.

Ang paggamit ng wikang Filipino sa mga opisyal na dokumento ay tumutukoy sa pagsasatitik ng mga salita upang makabuo ng sulating nangangailangan ng seguridad ng impormasyon at kansunduan ng mga kalahok. Lumabas sa pag-aaral na gamitin ang wikang Filipino sa opisyal na dokumento ayon sa mga mag-aaral ng Inhinyerya. Marahil ay higit na nauunawan ang mga alituntunin at kahilingan sa kasunduan kung ito ay isinatitik sa Filipino. Nabibigyan nito ang oportunidad ang tao lalo ang mga mag-aaral na magkaroon ng kamalayan sa bawat detalying isinasaad ng isang dokumento. Iminumungkahi rin ang paggamit ng wikang Filipino sa pagbibigay anunsyo. Tinutukoy nito ang pagbibigay ng paalala maaaring mga gawain, programa at iba pa. Marahil ay mas madaling maisaisip at matandaan ang isang anunsyo kung ito ay ipinahayag sa wikang Filipino. Maiuugnay ito sa pag-aaral ni Conception (2016), na upang masanay ang mga Pilipino na gamitin ang wikang Filipino sa kanilang pakikipagtransaksyon sa internet halimbawa, kinakailangang maigiit ang paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng mga nilalaman ng mga websayt ng Pilipinas. Kasama na rito ang anumang opisyal na dokumento, impormasyon, pabatid, balita at iba pa na ipinapaskil sa mga websayt na ito.

Sa Figyur 1 ay makikita ang Gear Wrench set. Ito ay mga mahalagang kagamitan na kapaki-pakinabang na maaaring magamit sa anumang trabaho upang pahigpitin ang isang bagay. Ito ay pangunahing kagamitan ng mga Inhinyero. Ito ay sumisimbolo sa wikang Filipino. Kung mapapansin, marami ang bumubuo sa isang set. Iba-iba rin ang gamit dahil ito ay nakadepende sa sukat nito. Tulad ng wikang Filipino, tulad ng natuklasan sa pag-aaral, tanggap din ng mga mag-aaral sa Inhinyerya ang Filipino bilang kasangkapan sa pagkatuto. Ang iba't ibang sukat ng wrench na bumubuo sa set na ito ay sumisimbulo rin sa iba't ibang gamit ng Filipino sa pagtuturo. Makikita sa Figyur 2. ang simulacrum sa paggamit ng wikang Filipino sa Larang ng Inhinyerya.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Figyur 2. Simulacrum sa paggamit ng wikang Filipino sa Larang ng Inhinyerya (Wacnang, Volfango at Tomas, 2003)




Ang wrench ay ginagamit upang pahigpitin ang mga bagay at hindi lamang pagpapahipit kundi upang ayusin ang koneksiyon ng mga bagay. Kung i-uugnay ito sa wikang Filipino, ang wikang Filipino ay isang mahalagang kasangkapan o intrumento na maaaring gamitin sa lahat ng bagay at sa lahat ng aspekto o erya ng buhay. Sa pakikipag-ugnayan, pang-araw-araw na diskurso, transaksiyon, at marami pang iba. Tulad ng wrench ay maaari itong gamitin upang paigtingin at paghusayin ang isang trabaho upang makabuo ng mas mahusay na produkto na higit na kapakipakinabang. Maaari itong gamitin upang makabuo ng mahigpit na ugnayan, sapagkat ang wika ay maaaring makapagbigkis sa watak-watak na pananaw, paniniwala, iba't ibang kasarian at iba pa.

Sa larang ng pagtuturo, ang wika tulad ng wrench ay iba-iba ang gamit nito depende na lamang sa layunin at nais panggamitan nito. Ito ay isang pinakamahalagang instrumento na nag-uugnay sa tao at sa iba't ibang disiplina o larangan. Sa tulong ng wika at natututuhan ng tao na mahalin ang kanilang mga napiling bokasyon at nagkakaroon sila ng pagpapahalaga at malalim na pagmamahal sa mga ito na siyang nagpapausbong sa damdaming pagkasabik at pagkauhaw sa karunungan. Ito ang naghahatid sa tao upang kanyang sisirin at suungin ang pinakamalalim at pinakamataas na antas ng karunungang nananahan sa kanilang piniling bokasyon. Dito natin makita ang kakaiba at ibayong kakayahan ng wika sapagkat hindi lamang iisa ang gamit nito, tulad ng wrench ng mga inhinyero ay may angkin itong kakayahang magamit sa iba't ibang layunin.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## IV. Kongklusyon

Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga datos ng pag-aaral nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Tinatanggap ng mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino bilang panturo sa mga asignatura ng Inhinyerya.
2. Gamitin ang wikang Filipino sa pormal na komunikasyon, pagtalakay sa mga aralin, pagsasalin at pagsulat ng pormal na dokumento.

## V. Rekomendasyon

1. Gamitin ang wikang Filipino bilang panturo sa mga asignatura ng kursong Inhinyerya.
2. Higit na paigtinggin ang paggamit ng wikang Filipino sa pagpapaliwag ng mga aralin, pagpapaliwanag ng katawagang teknikal at sa pagpapaliwanag ng mga paksang mahirap maintindihan at sa pagsulat ng manwal o hand out.
3. Gamitin ang wikang Filipino sa pagtuturo sa iba pang mga disiplina

## Sanggunian

[1] Batan, C. M. (2015). Wikang Lokal at Filipino sa Pananaliksik: Isang NaratibongSosyolohikal. HASAAN, 2(1), 1-1 Hinango mula sa https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-II-2015-107-115.pdf

[2] Broadway, M. S.,Zamora, N,C. (2018). Ang Filipino Bilang Wika Sa Matematika: Isang Palarawang Pagsusuri Sa Kaso Ng Isang Pribadong Paaralan (Filipino as A Language Of Mathematics: A Descriptive Analysis In The Case Of A Private School In The Philippines).The Normal Lights,12(1) Hinango mula sa https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/761.pdf

[3] Cavinta, E.M.P. (2021). Wika at Lingguwistikang Filipino: Paglalahad ng Isang Guro.Hinango mula sa https://www.researchgate.net/publication/353605134_Wika_at_Lingguwistikang_Filipino_Paglalahad_ng_Isang_Guro

[4] Correa, R. B. (2013). Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigdig ng Telebisyon,Pagda–dub ng Anime, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo: Mga Patunay na 'Moog'ng Pagka-Pilipino. Malay, 25(2),1-1. Hinango mula sa https://www.ejournals.ph/uploads/archive/MALAY/Vol.%2025%20No.%202%20(2013)/MTL/1Correa--051013.pdf

[5] Conception, G. P. (2016). Hinggil sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Internet: IlangPanimulang Tala Para sa Pangangasiwang Pangwika. Philippine EJournals| Home. Hinango noong April 22, 2022, mula sa https://ejournals.ph/form/cite.php?id=10349

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[6] Demeterio, F. (2009). Ang mga Teorya ng Relatividad ni Albert Einstein: Isang Pagsusuri sa Kahandaan ng Wikang Filipino sa Pagtalakay sa mga Paksa ng Makabagong Agham. Malay, 21(2), 71-89.
[7] Dominguez D, K. (2022). Paggamit ng Wikang Filipino Bilang Wikang Panturo sa Larangan ng Agrikultura. Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research, 82 (1) , 20-32.
[8] Evagorou, M., & Osborne, J. (2010). The role of language in the learning and teaching ofscience. Good Practice in Science Teaching: What research has to say, 135-157.
[9] Fajilan, W., at Zafra R. B. 2015. Ang Gamit at Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Agham:Panayam kay Prop.Fortunato Sevilla III.
[10] Gannaban, M. F. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. DALUMAT E-Journal, 6(2), 1-1.
[11] Gomez, L. F. & Dailey, S, L. (2017). Formal Communication. Hinango mula sahttps://www.researchgate.net/publication/314712165_Formal_Communication
[12] Gorgonio, J. P. R., & SocStud, M. (2012). Use of Filipino and English in social studies learning. ResearchGate. Available online also at: https://www. researchgate. net/publication/317231828 [accessed in Manila, Philippines: December 22, 2017]. Hinango mula sa https://www.researchgate.net/profile/John-Paul-Gorgonio/publication/317231828_USE_OF_FILIPINO_AND_ENGLISH_IN_SOCIAL_STUDIES_LEARNING/links/592d201f0f7e9b9979b3a484/USE-OF-FILIPINO-AND-ENGLISH-IN-SOCIAL-STUDIES-LEARNING.pdf
[13] Guillermo, R. (2016). Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino. Social Science Diliman, 12(1). Hinango mula sa https://www.researchgate.net/profile/Ramon-Guillermo/publication/305776558_Sariling_atin_Ang_nagsasariling_komunidad_na_pangkomunikasyon_sa_disiplinang_Araling_Pilipino/links/57a150a708aeef35741b80a3/Sariling-atin-Ang-nagsasariling-komunidad-na-pangkomunikasyon-sa-disiplinang-Araling-Pilipino.pdf
[14] Javier Jr, R. E. (1996). Ang Bisa Ngwika Sa Pagkatuto. MALAY, 13(1), 1-1. Hinango mula sa https://www.ejournals.ph/article.php?id=7829
[15] Launio, R. M. (2015). Instructional medium and its effect on students' mathematics achievement. Int JMultidiscip Curr Res, 3, 462-465. Hinango mula sa http://ijmcr.com/wp-content /uploads/2015/05/Paper12462-465.pdf
[16] Liwanag, M. H. C., & Labor, J. S. (2016). Mother or Adapted Tongue: The discursive and Pragmatic effects of Code-switching in Content-based learning. International Journal of Education and Research, 4(11), 31-46. Hinango mula sa https://www.ijern.com/journal/2016/November-2016/04.pdf
[17] Lumbera, B. L. (2015). Ang Wikang Katutubo at ang Kamalayang Filipino. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (1).
[18] Madrid, A. (2019). Pagsasalin Sa Filipino Ng Modyul pang-awtomasyong Industriyal: Tungo Sa Modernisasyon Ng Wikang Filipino. Ascendens Asia Publishing Pte. Ltd. (Singapore).
[19] Moleke, Heritage & Montle, Edward. (2020). The role of classroom discourse towards the learners' senses of belonging: a case of the transitional stage of English language learning. Journal of African Education. 1. 61-82. 10.31920/2633-2930/2020/1n2a3.
[20] Petras, J. D. (2013). Ang Pagsasakatutubo mula sa Loob/Kultural na Pagpapatibay ng mga Salitang Pandamdaming Tumutukoy sa "Sayá": Isang Semantikal na Elaborasyon ng Wikang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Filipino sa Larangan ng Sikolohiya. Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities, 10(2).

[21] Salazar, C. M. (1996). Ang Filipino Sa Inhinyeriya. MALAY, 13(1).

[22] Scanfeld, V., Davis, L., Dotoli, V., & Weintraub, L. (2018). The Power of Common Language Hinango mula sa https://www.ascd.org/el/articles/the-power-of-common-language

[23] Tolentino, R. (2015). Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP. Daluyan:Journal ng Wikang Filipino, (2).

[24] Tullao Jr, T. S. (2009). Ekonomiks sa Diwang Pilipino: Halo-Halo, Tingi-Tingi at Sari-Sari. Malay, 22(1).

[25] Uminga, L. L. (2000).Teaching Social Science subjects in Filipino at Baguio collegefoundation. Baguio city: (Master Thesis).Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

[26] Villalon, M. (2020). Paghubog At Paglubog Sa Masang Mamimili: Isang Panimulang Pag-Aaral Sa Potensyal Ng Wikang Filipino Sa Larangan Ng Marketing. Dalumat E-Journal, 6(2).

[27] Villejo, V. B., & Liwanag, L. A. L. (2019). Tapagtaguyod ng Intelektuwalisasyon ng WikangFilipino at ng Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Pilosopiya at Praksis ni Dr. Florentino T. Timbreza. Malay, 32(1)

[28] Zimmermann M, Jucks R How Experts' Use of Medical Technical Jargon in Different Types of Online Health Forums Affects Perceived Information Credibility: Randomized Experiment With Laypersons J Med Internet Res 2018;20(1):e30. Hinango mula sa https://www.jmir.org/2018/1/e30/

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved